



TAGALOG / TAGALOG

## Ang coronavirus disease (COVID-19)

Mandatory requirements para sa mga fully vaccinated na biyahero na walang mga sintomas ng COVID-19 at dumarating sa Canada by LAND, by AIR, o kaya by WATER

### Border measures ng Pamahalaan ng Canada

**Ang Pamahalaan ng Canada ay naglagay sa lugar ng emergency measures sa ilalim ng *Quarantine Act* upang bagalan ang pagpasok at pagkalat ng COVID-19 at ng variants sa Canada. Kahit na ikaw ay fully vaccinated, mayroon pa ring risk o panganib na maari kang maimpeksyon ng COVID-19 at maipasa mo ang virus sa iba. Upang mapanatiling ligtas ang iba, inuutusan kang tuparin ang requirements sa ilalim ng *Minimizing the Risk of Exposure to COVID-19 in Canada Order (Quarantine, Isolation and Other Obligations)* [Pagbawas ng Panganib ng Pagkalantad sa COVID-19 sa Canada Order (Quarantine, Isolation, at Iba pang mga Obligasyon)]**

Ang fully vaccinated travellers na asymptomatic ay hindi kinakailangang mag-quarantine pagpasok nila sa Canada kung sila'y tumutupad sa mga patakarang nakabalangkas sa ibaba. Ang fully vaccinated ay nangangahulugang natanggap nila ang buong series ng isang vaccine, o kombinasyon ng mga vaccine na tinatanggap ng Pamahalaan ng Canada, nang kahit 14 na araw man lamang bago pumasok sa Canada.

Ang iyong vaccination status ay iva-validate bawat beses na pumasok ka sa Canada.

Kung ikaw ay random/pasumala na pinili para sa testing sa pamamagitan ng Mandatory Randomized Testing program, kailangan mong magkompleto ng isang COVID-19 molecular test sa araw ng pagdating mo sa Canada (para sa nagbibiyaha by Land at by Air).

### Kung ikaw ay random/pasumala na napili na magkompleto ng mandatory randomized testing, DAPAT KANG:

- **Kumuha ng COVID-19 molecular test tulad ng iniutos** sa araw ng pagdating mo sa Canada.
  - Maaring ma-test ka on site o maaring bigyan ka ng self-swab kit. Dapat mong sundin ang mga direksyon na matatanggap mo pagdating mo upang kumpletohin ang iyong Arrival test. Kung nakatanggap ka ng self-swab kit, dapat mong kumpletohin at isumite ang iyong specimen collection para ito'y maproseso sa loob ng 24 na oras ng pagpasok mo sa Canada.
- **Kung nakatanggap ka ng positive test result, o nagsimula kang makaranas ng mga sintomas ng COVID-19, dapat mo agad kontakin ang angkop na awtoridad ng public health / pampublikong kalusugan tulad ng nakasulat sa likod, at dapat mong sundin ang kanilang direksyon, kabilang ang isolation.** Dapat mo rin ireport kaagad ang iyong positive test result **o kaya mga sintomas** sa Public Health Agency of Canada (PHAC) sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-641-0343.
- **Kung nakatanggap ka ng indeterminate o invalid test result,** kailangan mo magpa-test muli. Mangyaring kontakin ang iyong testing provider sa loob ng 24 na oras ng pagtanggap mo ng iyong test result upang mag-iskedyul na magkompleto ng isa pang self-swab kit.
- **Kung nakatanggap ka ng negative test result,** karaniwang ibig sabihin nito'y wala kang COVID-19, pero posibleng makatanggap ng negative test result kapag naimpeksyon ka na ng COVID-19, halimbawa, bago ka magdibelop ng mga sintomas.





- Kung hindi mo pa natatanggap ang iyong test result pagkatapos ng 4 na araw, mangyaring kontakin ang iyong testing provider.

#### Para sa 14 na araw pagkatapos ng iyong pagdating

- **Gumawa ng listahan ng mga pangalan at contact information** ng bawat taong nalapitan mo o kung kanino ka nagkaroon ng close contact, at ang mga lokasyon na pinuntahan mo sa panahong iyon.
- **Magsuot ng well-constructed mask na mahusay ang fit** upang mabawasan ang panganib ng pagkalat ng COVID-19, kung ikaw ay nasa isang pampublikong lugar.
- **Magtago ng kopya ng iyong COVID-19 pre-arrival at on-arrival test results at proof of vaccine.**
- Maaring makatanggap ka ng mga notification mula sa ArriveCAN, pero hindi ka inuutusang magpadala ng mga report.
- **Para sa susunod na 14 na araw pagkatapos ng pagpasok mo sa Canada, kung ikaw ay nag-test nang positive para sa COVID-19, o kung nakakaranas ka ng mga sintomas ng COVID-19, dapat mo kaagad:**
  - Kontakin ang angkop na awtoridad ng public health / pampublikong kalusugan, tulad ng nakasulat sa likod, at sundin ang kanilang mga direksyon, kabilang ang isolation, at
  - Ireport ito sa PHAC sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-641-0343.

**BABALA:** Imonitor, iverify, at ipapatupad ang iyong pagsunod sa Utos na ito. Kung hindi mo ito susundin, maaring hindi ka ma-exempt sa quarantine. Maaring ilipat ka rin sa isang pasilidad para sa quarantine, o maari kang multahan, bigyan ng mga ticket, at/o maari kang mabilanggo.

#### Imonitor ang iyong mga sintomas

Imonitor kung may mga sintomas nang 14 na araw man lamang pagdating mo. Kung nagsimula kang magkaroon ng mga sintomas ng COVID-19, dapat mo kaagad:

- Kontakin ang angkop na awtoridad ng public health / pampublikong kalusugan, tulad ng nakasulat sa ibabâ, at sundin ang kanilang mga direksyon, kabilang ang isolation, at
- Ireport ito sa PHAC sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-641-0343.

Ang ilang mga halimbawa ng mga karaniwang palatandaan at sintomas ng COVID-19 ay:

- Bago o lumalalang ubo
- Pangangapos ng hininga / nahihirapang huminga
- Mga pananakit sa kalamnan, sobrang kapaguran, panghihina
- Sobrang masamâ ang pakiramdam
- Bagong kawalan ng pangamoy o panlasa
- Parang nilalagnat, nanlalamig, o may temperature na katumbas o lampas ng 38°C
- Mga pagbabago sa balat o rashes / singaw sa balat (sa mga bata)
- Pananakit ng tiyan, diarrhea/pagtatae, o pagsusuka
- Pananakit ng ulo



Mga awtoridad ng public health / pampublikong kalusugan		
Provinces at territories	Telepono	Website
<a href="#">British Columbia</a>	811	<a href="http://www.bccdc.ca/covid19">www.bccdc.ca/covid19</a>
<a href="#">Alberta</a>	811	<a href="http://www.myhealth.alberta.ca">www.myhealth.alberta.ca</a>
<a href="#">Saskatchewan</a>	811	<a href="http://www.saskhealthauthority.ca">www.saskhealthauthority.ca</a>
<a href="#">Manitoba</a>	1-866-626-4862	<a href="https://manitoba.ca/covid19/restartmb/prs/orders/index.html#current">https://manitoba.ca/covid19/restartmb/prs/orders/index.html#current</a> <a href="https://www.youtube.com/user/ManitobaGovernment">https://www.youtube.com/user/ManitobaGovernment</a>
<a href="#">Ontario</a>	1-866-797-0000	<a href="http://www.ontario.ca/coronavirus">www.ontario.ca/coronavirus</a>
<a href="#">Quebec</a>	1-877-644-4545	<a href="http://www.quebec.ca/en/coronavirus">www.quebec.ca/en/coronavirus</a>
<a href="#">New Brunswick</a>	811	<a href="http://www.gnb.ca/publichealth">www.gnb.ca/publichealth</a>
<a href="#">Nova Scotia</a>	811	<a href="http://www.novascotia.ca/coronavirus">www.novascotia.ca/coronavirus</a>
<a href="#">Prince Edward Island</a>	811	<a href="http://www.princeedwardisland.ca/covid19">www.princeedwardisland.ca/covid19</a>
<a href="#">Newfoundland and Labrador</a>	811 o kaya 1-888-709-2929	<a href="http://www.gov.nl.ca/covid-19">www.gov.nl.ca/covid-19</a>
<a href="#">Nunavut</a>	1-867-975-5772	<a href="http://www.gov.nu.ca/health">www.gov.nu.ca/health</a>
<a href="#">Northwest Territories</a>	811	<a href="http://www.gov.nt.ca/covid-19">www.gov.nt.ca/covid-19</a>
<a href="#">Yukon</a>	811	<a href="http://www.yukon.ca/covid-19">www.yukon.ca/covid-19</a>

### Para sa karagdagang impormasyon:

1-833-784-4397      [Canada.ca/coronavirus](http://Canada.ca/coronavirus)

ID 04-38-H-1 / DATE 2021.08.09